ANG "AMERICAN COMMUNITY SURVEY" AY GINAGAMIT UPANG:

Makapagpasya kung magkano ang makukuha ng inyong komunidad para sa mga paaralan at iba-ibang serbisyong publiko;

Alamin kung saan magpapatayo ng mga ospital, mga gusali para sa pangangalaga ng kabataan, at mga kalsada;

Maglaan ng pera para sa mga programang pagsasanay sa trabaho, Karunungan sa Wikang Ingles, at pautang sa mga estudyante;

Mahadlangan ang diskriminasyon laban sa mga bagong migrante, mga minoridad, sa mga may kapansanan, at sa mga matatanda;

Ang pagsagot sa iyong ACS ay makakasuporta sa inyong pamilya, sa inyong kapitbahayan at sa inyong komunidad.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa ACS at Sensus 2010, mangyaring pumunta sa website:

www.asianamericancensus.org/census-2010/

ASIAN AMERICAN JUSTICE CENTER

Asian American Justice Center
1140 Connecticut Avenue, NW, Suite 1200
Washington, D.C. 20036

T 202/296-2300 • F 202/296-2318 • www.advancingequality.org

ASIAN AMERICAN JUSTICE CENTER



GUSTO NIYO BANG MAGKAROON NG MAGANDANG KINABUKASAN AT SAPAT NA MGA SERBISYONG PUBLIKO PARA SA INYONG PAMILYA, SA INYONG KAPITBAHAYAN AT SA INYONG KOMUNIDAD?

Sagutin at ibalik ang iyong American Community Survey (ACS)

MGA KADALASANG KATANUNGAN

Ano ang American Community Survey (ACS)?

Ang ACS ay isang pagsisiyasat na ginagawa ng "U.S. Census Bureau" na ibinibigay sa komunidad na mayroong kritikal na ekonomiya, sosyal, demograpiko at kaalaman sa pabahay, kumikilala sa mga pagbabago sa populasyon ng isang lugar, at nagbibigay ng pinakabagong anyo at bilang sa bawat taon sa Estados Unidos .

Bakit ba importanteng sagutin ang ACS survey kungmatanggap ko ito?

Sa pagsagot sa mga katanungan ng ACS, nakakatulong kayo na manatiling wasto ang bilang ng mga Pilipino at mga ibang Asyanong Amerikano. Ito ay mahalaga dahil ang impormasyon na nanggagaling sa mga sagot ng mga tao ay ginagamit ng gobyerno para sa pangsubaybay sa kalusugan ng mga bata, mga pamilya at mga matatanda; inaalam kung saan ilalagay ang mga bagong paaralan atospital; ipinapakita sa mga korporasyon na ang lalawigan ay may mga manggagawa kung kailangan; sumusuri sa mga programa katulad ng mga serbisyo para sa mga nangangailanganat mga pagbabago sa pagkakailangan ng mga klaseng trabahador; at sumusubaybay at ipinaaalam ang mga resulta ng programa ng pamahalaan.

At saka ang ACS ay itinatadhana ng batas ng Estado Unidos, na bawat nilalang dito ay dapat sumagot sa mga tanong ng ACS. (kahit na ikaw ay hindi mamamayan). Kaya't huwag kalilimutangsumagot sa pagsisiyasat, at siguruhingsabihan ang inyong mga kaibigan at pamilya!

MGA KADALASANG KATANUNGAN

Sino ang tatanggap sa pagsisiyasat ng ACS?

Bawat buwan, ipinapadala ng "Census Bureau" ang pagsisiyasat ng ACS sa ala-swerteng pamimili ng mga bahay otirahan.
Maaari kayong makatanggap ng pagsisiyasat ng ACS sa anumang buwan.

Sa pagbuo ko sa pormang Sensus, kailangan ko rin bang buuin ang ACS?

Oo. Ang bawat maybahay ay tatanggap ng pagsisiyasat na Sensus 2010. Ngunit ilan lamang sa mga maybahay ang makakatanggap din ng pagsisiyasat na ACS. Kung natanggap mong pareho, kailangan mong buuing pareho.
Ang mga ito ay mahalagang pamamaraan upang makasiguro na ang iyong komunidad ay mayroong representasyong politiko at tamang pondo ng pamahalaan.



Ang polyetong ito ay ginawa sa kagandahang loob at tulong ng AT&T.

at&t

MGA KADALASANG KATANUNGAN

Anong uri ng mga tanong ang hinihingi sa ACS?

Ang pagsisiyasat ng ACS ay maraming klaseng tanong. Kasama na rin rito ang tungkol sa kasarian, edad, pagka-katubong pinanggalingan, lahi, abilidad sa wikang Ingles, ang natapos sa pag-aaral, at kita ng sambahayan.

Bakit tinatanong ang mga personal na katanungang ito?

Ang bawat tanong sa ACS ay kinakailangan ng Census Bureau upang mapangasiwaan o masuri ang mga programa ng pamahalaan, katulad ng pagkaalam sa pangangailangan ng tulong sa lenguahe sa ilalim ng "Voting Rights Act." Ang mga pangangasiwa at pagsusuri ng mga ito ay mahalagang paraan para sa kabutihan ng inyong komunidad.

ANG IMPORMASYONG IBINIGAY MO AY LIHIM!

Sa ilalim ng batas, ang lahat ng mga kasagutang ibinibigay ninyo sa Sensus at ACS ay lihim. Ang mga sagot ninyo at lahat ng inyong impormasyon ay hindi maaaring ibahagi sa kahit kanino o anumang ahensiya ng pamahalaan katulad ng Kagawaran ng Kaligtasan ng Bansa (DHS) o sa Mga Serbisyo ng Rentas Internas (IRS).